

Kayo ba ay isang

magulang, lolo o lola, o tagapag-apaga ng isang batang may kapansanan?



Nais makarinig mula sa inyo ng ICC ng California!



Ano ba ang ICC?

Ang ICC ay isang grupo ng mga stakeholder na may dibersidad na nagbibigay ng payo at tulong sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services) tungkol sa sistema ng maagang interbensyon para sa mga batang nasa edad mula kapanganakan hanggang tatlong taon na kilala bilang Early Start sa California. Misyong ng ICC ang itaguyod at pahusayin ang sistema ng pag-uugnay ng serbisyo sa pamilya para sa mga sanggol at paslit na mayroon, o nanganganib na magkaroon ng pagkaantala sa paglaki o kapansanan. Ang mga pagpupulong ng ICC kada tatlong buwan ay bukas sa publiko at nagbibigay ng forum para sa mga miyembro ng komunidad para maghandog ng impormasyon at saloobin tungkol sa mga isyung nauugnay sa maagang interbensyon at pag-aaral sa unang yugto ng pagkabata.

Makibahagi:

- Kayo ang magpapasya kung gaano kahabang oras ang maiaambag ninyo sa ICC. Ang mga petsa ng pagpupulong ay itinatakdang taon-taon upang makatulong sa pag-iskedyul. Dumalo sa pagpupulong ng ICC sa personal o sa pamamagitan ng Zoom (online). Kilalanin ang iba pang mga magulang.
- Alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo sa maagang interbensyon. Magbigay ng pampublikong komento sa mga pagpupulong.
- Ibahagi ang iyong mga karanasan sa iba.
- Mag-apply para maging miyembro ng ICC (hinihirang ng Gobernador). Mag-apply para sa posisyon ng kinatawan ng komunidad (hinihirang ng Tagapangulo ng ICC).

TANDAAN:

Maaaring maging karapat-dapat ang mga magulang na mabawi ang ibinayad sa pagbiyahe at mga gastos sa pagpapaalaga ng anak na nauugnay sa pagdalo sa mga pagpupulong sa ICC.

Para sa karagdagang impormasyon:

Tumawag sa: (800) 515-BABY (2229)

<https://www.dds.ca.gov/services/early-start/state-icc-on-early-intervention-overview>